



ANG PENOMENON NG “LANGUAGE ATTRITION”: ISANG PAGSUSURI SA PAGHINA NG BOKABULARYONG FILIPINO BUNSOD NG CODE-SWITCHING SA SOCIAL MEDIA

DOI: 10.5281/zenodo.20531838

Faith S. Abe

MAED-1, Graduate School, SAINT COLUMBAN COLLEGE, 0020 Pagadian City, Philippines
<https://orcid.org/0009-0009-5024-5480>

Wiljane Love Marquez

MAED-1, Graduate School, SAINT COLUMBAN COLLEGE, Pagadian City, Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang penomenon ng language attrition o ang paghina ng bokabularyong Filipino bunsod ng code-switching sa social media. Ginamit sa pananaliksik ang kwalitatibong pamamaraan na may disenyong penomenolohikal. Sa pamamagitan ng purposive sampling, apat (4) na guro at dalawang (2) mag-aaral ang naging kalahok sa mga digital na panayam. Ginamit ang HyperRESEARCH software sa pagsusuri at pagbuo ng mga tema mula sa mga nakalap na datos.

Mula sa pagsusuri, limang pangunahing tema ang lumitaw: (1) Pagpapakita ng Paghina ng Bokabularyo sa Pasulat na Awtpat at Akademikong Pangangailangan sa Asignaturang Filipino, na makikita sa limitadong salita at kawalan ng pormalidad sa mga sanaysay; (2) Pagbabago ng Code-Switching sa Social Media sa Pagtuturo sa Loob ng Silid-Aralan, kung saan ginagamit ng guro ang Taglish bilang tulay sa pagtalakay; (3) Pagbabago ng Code-Switching sa Social Media sa Pagkatuto sa Loob ng Silid-Aralan, na nagpapabilis sa pag-unawa at nagbibigay ng kumpas sa pagpapahayag ng mga mag-aaral; (4) Mga Balakid na Kinakaharap ng Paaralan sa Pagpapanatili ng Mataas na Antas ng Kasanayan sa Filipino, dala ng labis na exposure sa digital media at kawalan ng interes sa pagbabasa; at (5) Mga Estratehiya na Ginagamit ng Guro upang Tugunan ang mga Kinakaharap na Balakid, sa pamamagitan ng mga performatibong gawain tulad ng talumpati, debati, at pagwawasto ng talasalitaan.

Batay sa resulta, napatunayan na ang language attrition ay isang pansamantalang paghina lamang sa mabilis na pag-alala ng pormal na wika na maaari pang masagip sa pamamagitan ng interaktibong paggabay. Inirerekumenda sa pag-aaral ang patuloy na pagpapatupad ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo at mga aktibidad sa paaralan na magpapanatili sa pormal at mataas na antas ng kasanayan sa wikang Filipino.

Mga susing salita: Language Attrition, Code-switching, Social media

Introduksyon

Ang wikang Filipino ay patuloy na nagbabago sa kasalukuyang panahon ng digitalisasyon, kung saan ang social media ay nagsisilbing pangunahing plataporma ng komunikasyon para sa mga kabataan at nakatatanda. Sa mundong ito, kung saan laganap ang mga online platform tulad ng Facebook, X (dating Twitter), at Instagram, hindi na maitatangi ang malaking epekto nito sa mga wika sa buong mundo. Bagaman nagbibigay ang mga platapormang ito ng mabilis at malawak na interaksyon, nagdudulot din ito ng mga pagbabagong lingguwistiko na nakaaapekto sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Mapapansin ang talamak na pagbabago at pagpapalit ng mga salita sa pamamagitan ng pag-shortcut at code-switching sa wikang Ingles at Filipino (Bagsac, 2023). Sa katunayan, binigyang-diin ni Jopie (2024) na ang pagpapalit ng Ingles at Filipino o "Taglish" ang kadalasang nakikitaan ng pagdadaglit o pagpapaikli bilang paraan ng



pagpapahayag sa social media. Dahil sa makapangyarihang dulot ng teknolohiya, madaling naipapakalat ang mga wikang binuo ng iba't ibang grupo na siyang nagpababago sa dynamic ng wikang pambansa.

Sa larangan ng linggwistika, ipinaliwanag ni Gumperz (2020) na ang code-switching ay hindi maiiwasan, lalo na sa mga taong bilingguwal. Gayunpaman, ang pamamaraang ito ay maaaring maging daan sa paglitaw ng isang mas malalim na penomenon: ang language attrition, o ang unti-unting paghina ng kasanayan at pagkawala ng mga katangian ng isang wika (Lee, 2025). Ayon kay Blances (2019), ang ganitong sitwasyon ay bunga ng kawalan ng pakikipag-ugnayan o paggamit ng pormal na wika na nagiging sanhi ng pagbaba ng antas ng kahusayan nito sa indibidwal man o sa pamayanan. Sinuportahan ito ng pag-aaral ni Kunzler (2020) na nagpapakita na may direktang koneksyon ang code-switching sa proseso ng pagkatuto na maaaring magdulot ng unti-unting pagkawala ng unang wika (mother tongue).

Bagaman binigyang-diin ni Kopke (2007) na ang lingguwistiko at kultural na kaligiran ang sanhi ng paghina ng wika, nanaig pa rin sa mga bilingguwal na indibidwal ang paggamit ng kanilang multilingguwalismo nang walang pangamba. Subalit ayon kina Okeke at Okeke (2017), ang mga taong madalas gumamit ng higit sa isang wika ay may paraan ng pagsasalita na kakaiba kumpara sa mga monolingual dahil ang kaalaman sa isang wika ay maaaring humalo o sumagabal sa tamang paggamit ng isa pang wika. Sa neurological na aspeto, ipinaliwanag nina Abutalebi at Green (2013) na kapag madalas mag-code-switch ang isang tao, mas pinipili ng utak ang salita na pinakamadaling makuha sa kanyang mental lexicon (imbakan ng salita sa utak). Kung mas mabilis niyang maalala ang salitang Ingles kaysa Tagalog habang nag-uusap, gagamitin niya ito. Kapag paulit-ulit itong nangyari, ang katumbas na salita sa Tagalog ay unti-unting matatabunan at nagiging pasibong bokabularyo na lamang, hanggang sa tuluyan nang mahirapan ang utak na makuha ito kapag kinakailangan.

Ang ganitong penomenon ay nagbubunga ng mga negatibong implikasyon sa pormal na wika, partikular sa akademikong komunidad. Inilahad nina Moro at San Juan (2021), na ang kakulangan sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral sa kasalukuyang henerasyon ay may direktang epekto sa kanilang komprehensiyon at kakayahang magpahayag ng malalim na kaisipan. Dahil mas nakasanayan ang code-switching sa teknolohiya, ang mga katutubong salita at mas malalalim na terminong Filipino ay unti-unting nabaon sa limot, na naglilitima sa kakayahang makabuo ng kritikal na diskurso. Pinalalala pa ito ng digitalisasyon na ayon kay Santos (2022) ay nagdulot ng panibagong hamon sa wikang pambansa. Ang patuloy na paggamit ng mga pinaikling salita, acronyms, at code-switching sa social media ay nagluluwal ng isang henerasyon na. Dahil dito, hindi nasusunod ang tamang pamantayan at istandard sa paggamit ng wika. Sa pag-aaral nina Bruma at Ibañez (2023), ang paggamit ng mga pagpapalit-koda at mga lexico-syntactic features sa internet ay naging hadlang sa wasto at malalim na pagkatutong pangwika dahil ang pormal na wika ay napapalitan ng mga cyber slang o shortcuts. Sinegundahan ito nina Alama at Francisco (2025), sa pagsasabing ang mabilis na pagbabago sa bokabularyo bunsod ng mga social media applications—gaya ng talamak na paggamit ng mga akronim, pinutol na letra, at salitang balbal—ay nagiging balakid sa pagpapalawak ng tunay at pormal na bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mas mababaw na antas ng komunikasyon.

Gayunpaman, sa kabila ng mga banta ng paghina ng wika, maaari ding tingnan na ang social media ay nagiging isang dinamikong espasyo ng code-switching at code-mixing, kung saan nagmamarka ang mga kabataan ng kanilang sariling identidad at pagkakakilanlan sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang wika at kultura (Aldovino, 2024). Ang duality na ito sa pagitan ng pagbuo ng bagong identidad at ang panganib ng paghina ng katutubong wika ang nangangailangan ng mas masusing pagsisiyasat sa lokal na konteksto.

Sa mas tiyak na antas, nakatuon ang pananaliksik na ito sa pagsusuri sa paghina ng bokabularyong Filipino sa loob ng institusyong pang-akademiko. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magkaroon ng mas malalim na pagsusuri kung paano hinaharap ng mga guro at mag-aaral sa Misamis University, Ozamiz City ang karanasan sa code-switching sa social media at ang epekto nito sa kanilang kakayahang pangwika. Upang maisakatuparan ito, ang pananaliksik ay gagamit ng apat (4) na guro at dalawang (2) mag-aaral bilang mga kalahok mula sa Basic Education Department ng Misamis University. Sa huli, layunin ng pananaliksik na matukoy at maunawaan ang mga totoong karanasan ng mga guro at mag-aaral sa hamon ng language attrition na bunsod ng talamak na code-switching sa social media.



Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga penomenon ng “Language Attrition” sa pagsusuri sa paghina ng bokabularyong Filipino bunsod ng Code-switching sa Social media sa Basic Education Department ng Misamis University, Ozamis City.

Partikular, sasagutin ng mga mananaliksik na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano nagpapakita ang paghina ng bokabularyo sa pasulat na awtput at akademikong pangangailangan sa asignaturang Filipino?
2. Paano binabago ng code-switching sa social media ang pagtuturo sa loob ng silid-aralan?
3. Paano binabago ng code-switching sa social media ang pagkatuto sa loob ng silid-aralan?
4. Ano-anong mga balakid ang kinakaharap ng paaralan sa pagpapanatili ng mataas na antas ng kasanayan sa Filipino sa harap ng modernong paraan ng komunikasyon? ; at
5. Ano-anong estratehiya ang ginagamit ng guro upang tugunan ang mga kinakaharap na balikid?

Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na gumamit ng phenomenological na disenyo. Ang phenomenology ay naglalayong: (1) makakuha ng mas malalim na pag-unawa sa kabuluhan ng pang-araw-araw na karanasan ng mga tao (Polit & Beck, 2018) at (2) pamtatubayan ang pag-unawa sa phenom na sadyang nararanasan ng mga tao (Polifront & Welch, 1999). Sa pamamagitan nito ay matutukoy ng mga mananaliksik ang mga karanasan ng mga guro at mag-aaral sa pagsusuri sa paghina ng bokabularyong Filipino bunsod ng Code-switching sa Social media sa Misamis University, Ozamis City.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa para sa mga guro ng Basic Education Department ng Misamis University. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay limang (5) guro sa Misamis University partikular na sa mga guro ng Basic Education Department na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* na nakabatay sa krayterya na: (1) Mga guro sa asignaturang Filipino na nagtuturo sa Pamantasan ng Misamis at (2) nagbigay ng pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral na ito.

Resulta at Talakayan

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga datos na nakalap mula sa mga panayam sa mga guro ng nagtuturo ng Filipino at mga mag-aaral. Inoorganisa ang mga datos na ito batay sa mga pangunahing layunin ng pag-aaral upang maipakita ang epekto ng code-switching sa social media sa bokabularyo, pagtuturo, at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Tema 1: Pagpapakita ng Paghina ng Bokabularyo sa Pasulat na Awtpat at Akademikong Pangangailangan sa Asignaturang Filipino

Ang mga tugon ng mga kalahok ay nagpapakita na ang malawak na paggamit ng impormal na wika sa digital na espasyo ay lantarang nagpapakita sa kalidad ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Ang temang ito ay may mga sumusunod na sekundaryong kategorya: Limitadong Paggamit ng Salita (Lexical Limitation), Kakulangan sa Lalim ng Ideya, at Pagkawala ng Pormalidad (Loss of Formality).

Limitadong Paggamit ng Salita (Lexical Limitation). Napapansin ng mga guro na nagiging paulit-ulit at mababaw ang mga salitang nagagamit ng mga mag-aaral sa tuwing sila ay pinasusulat ng mga pormal na sanaysay. Nahirapan silang mag-isip ng mga angkop at wastong salitang Filipino, na kinatigan din ng pag-amin ng mga mag-aaral. Ito ay mababasa sa mga sumusunod na pahayag.

Isang partisipante ang nagsabing:



"Kapag sumusulat sila ng sanaysay, mapapansin na paulit-ulit lamang ang mga simpleng salita na ginagamit nila. Nahihirapan silang gumamit ng malalalim at wastong salitang Filipino kaya kadalasan ay Ingles o salitang balbal ang naisasama nila sa kanilang sulatin." (P1, Guro)

Dagdag ng iba pang partisipante:

"Oo, minsan ay nahihirapan ako dahil may mga salitang mas madali kong maalala sa Ingles kaysa sa Filipino. Kapag nangyayari ito, pakiramdam ko ay kulang ang aking bokabularyo natatagalan akong tapusin like hal. Sa mga sanaysay." (P1, Mag-aaral)

Kakulangan sa Lalim ng Ideya at Pagkawala ng Pormalidad. Dahil nakasanayan ang mabilisang pakikipag-usap online, nadadala ng mga mag-aaral ang estruktura ng code-switching at mga hiram na salita sa kanilang mga akademikong sulatin. Nagiging sanhi ito ng pagkasira ng wastong gramatika at pormalidad ng sulatin.

Isang partisipante ang nagsabing:

"Nagiging hindi pormal ang kanilang paraan ng pagsusulat dahil nasasanay silang paghaluin ang Filipino at Ingles. Minsan ay nawawala ang wastong gramatika at organisasyon ng kanilang ideya dahil sa impluwensya ng nakasanayang paraan ng pakikipag-usap online." (P1, Guro)

Dagdag ng iba pang partisipante:

"May mga pagkakataon na sa gitna ng sanaysay ay bigla silang maglalagay ng English phrases na hindi nila namamalayang mali na pala sa pormal na sulatin." (P3, Guro)

Ang mga natuklasang ito ay sumasalamin sa pag-aaral ni Balilo (2024), kung saan binigyang-diin na ang mga impormal na estruktura ng pangungusap at malawakang code-switching sa mga sikat na plataporma ng social media ay nagbubunsod sa mga gumagamit nito na unahin ang bilis ng mensahe kaysa sa kawastuhang gramatikal. Ang ganitong nakasanayang gawi online ay lumilikha ng sintaktikong paglihis (syntactic deviations) at pagkasira ng pormalidad kapag ang mga mag-aaral ay inilipat na sa pormal o akademikong konteksto ng pagsulat. Ipinapakita nito na ang limitadong bokabularyo ay hindi lamang isyu ng memorya, kundi bunga ng kultura ng mabilisang komunikasyon na nag-aalis ng pormal na estruktura ng katutubong wika.

Tema 2: Pagbabago ng Code-Switching sa Social Media sa Pagtuturo sa Loob ng Silid-Aralan

Upang makasabay sa modernong henerasyon at matiyak na hindi maiiwan ang mga mag-aaral, napipilitan ang mga guro na iakma ang kanilang pamamaraan sa pagtuturo. Ang temang ito ay nahahati sa: Paggamit ng Code-Switching bilang Tulay (Translanguaging) at Kontekstwalisadong Pagtalakay.

Paggamit ng Code-Switching bilang Tulay. Inamin ng mga respondante na hindi na lubos na epektibo ang paggamit ng purong Filipino kung ang layunin ay ang mabilis na pagkaunawa sa mga komplikadong konsepto. Ginagawa nilang tulay ang code-switching upang hindi magkaroon ng agwat sa komunikasyon.

Ibinahagi ng isang partisipante:

"Minsan ay gumagamit din ako ng code-switching upang mas maintindihan nila ang konsepto, ngunit unti-unti ko silang hinihikayat na gamitin ang wastong Filipino sa pagsagot at talakayan." (P1, Guro)

Dagdag ng iba pang partisipante:

"Binabago ito sa pamamagitan ng paggamit ng code-switching kung kinakailangan sa pagtuturo ng mga konsepto upang lubos na maunawaan dahil hindi maikakaila na bahagi na ito ng pang-araw-araw na komunikasyon..." (P3, Guro)

Kontekstwalisadong Pagtatalakay. Bukod sa wika ng pagtuturo, binabago rin ng mga guro ang kanilang mga halimbawa sa klase sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyal na pamilyar sa mga bata mula sa social media.



Ibinahagi ng isang partisipante:

"Gumagamit ako ng mga konkretong halimbawa, contextualized na talakayan, at unti-unting pagpapakilala ng malalalim na salita upang mas maintindihan..." (P4, Guro)

Suportado ang gawi na ito ng pag-aaral nina Villanueva at Gamiao (2023), na nagpatunay na ang code-switching (tulad ng Taglish) ay ginagamit na ngayon ng mga gurong Pilipino bilang isang estratehikal at intensyonal na metodolohiya sa pagtuturo (pedagogical choice) upang punan ang puwang sa komunikasyon sa mga asignaturang pangwika at agham. Ayon sa kanila, ang paghahalo ng wika ng mga guro ay hindi indikasyon ng kawalan ng kahusayan, kundi isang paraan ng scaffolding upang masigurong walang mag-aaral ang maiiwan sa talakayan dahil sa mga malalalim o teknikal na salita. Ang pagbabagong ito sa anyo ng pagtuturo ay tugon sa nagbabagong katangian ng mga mag-aaral na hinubog ng modernong midya.

Tema 3: Pagbabago ng Code-Switching sa Social Media sa Pagkatuto sa Loob ng Silid-Aralan

Mula sa pananaw ng mga mag-aaral, ang pagbabagong dulot ng code-switching ay nagpapakita ng magkaibang epekto sa kanilang pagkatuto. Ang sekundaryong kategorya para rito ay: Bilis ng Pag-unawa (Cognitive Accessibility) at Kumportableng Pagpapahayag.

Bilis ng Pag-unawa (Cognitive Accessibility). Malaki ang tulong ng code-switching ng guro upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin. Dahil mas pamilyar sila sa mga terminong Ingles o Taglish mula sa internet, mas nagiging malinaw ang talakayan para sa kanila.

Ibinahagi ng isang partisipante:

"Oo, mas madali ko itong nauunawaan dahil may mga salitang Ingles na mas pamilyar sa aking... mas malinaw para sa akin ang paliwanag ng guro." (P1, Mag-aaral)

Dagdag pa ng ibang partisipante:

"Mas nagiging relatable at mas mabilis kong naiintindihan ang lesson kapag may halong wika." (P2, Mag-aaral)

Kumportableng Pagpapahayag. Dahil ito ang nakasanayang wika sa social media, mas malaya at mas natural na nailalabas ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin kapag pinahihintulutan ang paghahalo ng wika sa talakayan.

Ibinahagi ng isang partisipante:

"Kapag nagpo-post o nagcha-chat ako, mas pinipili kong mag-code-switch dahil mas komportable (comfy) ito at mas natural kong naipapahayag ang aking iniisip."

(P2, Mag-aaral)

Ayon sa natuklasan sa kwantitatibong pag-aaral nina Casona, Comaling, Comaling, Mijares, Tianga (2026), mayroong positibo at makabuluhang korelasyon (significant correlation) ang gawi ng code-switching ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong performans sa mga asignaturang pangwika. Alinsunod sa Communication Accommodation Theory, ang paggamit ng magkahalong wika ay nagpapababa ng lebel ng pagkabalisa (classroom anxiety) ng mga mag-aaral at nagpapataas ng kanilang motibasyon na lumahok sa klase. Ang kalayaang magpahayag sa paraang komportable sila (tulad ng nakasanayan sa digital media) ay nagiging tulay upang mas mabilis nilang maproseso at maipahayag ang mga komplikadong ideya nang hindi natatakot magkamali.

Tema 4: Mga Balakid na Kinakaharap ng Paaralan sa Pagpapanatili ng Mataas na Antas ng Kasanayan sa Filipino

Sa pag-usbong ng modernong paraan ng komunikasyon, nahaharap ang mga paaralan sa mga seryosong hamon upang mapanatili ang talas ng mga mag-aaral sa wikang pambansa. Ang mga sekundaryong kategorya na lumitaw ay: Sobra at Labis na Exposure sa Digital Media, at Kakulangan sa Interes sa Pagbabasa ng mga Tekstong Filipino.



Sobra at Labis na Exposure sa Digital Media (Digital Media Saturation). Ang patuloy na pagbabad ng mga mag-aaral sa mga plataporma tulad ng Facebook, TikTok, at Messenger ay nagiging dahilan upang mas maging dominante sa kanila ang impormal na wika at internet slangs kaysa sa pormal na istruktura ng Filipino.

Ibinahagi ng isang partisipante:

"Isa sa pinakamalaking balakid ay ang sobrang exposure ng mga mag-aaral sa social media kung saan mas laganap ang impormal na wika." (P1, Guro)

Dagdag pa ng ibang partisipante:

"Karamihan sa mga estudyante ay mas mulat sa maiikling content at impormal na pananalita kaya nahihirapan silang gumamit ng pormal at malalim na Filipino." (P2, Guro)

Kakulangan sa Interes sa Pagbabasa (Lack of Literacy Engagement). Bumababa ang oras na inilalaan ng mga bata sa pagbabasa ng mga tradisyunal na aklat o mga pormal na akdang pampanitikan sa Filipino, na siya sanang pangunahing hangan ng malalalim na bokabularyo.

Ibinahagi ng isang partisipante:

"Ang malawak na impluwensya ng social media at kakulangan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga tekstong Filipino." (P4, Guro)

Ang hamong ito ay pinagtibay sa pananaliksik ni Carambas (2024), na nagpahayag na bagama't may potensyal ang mga makabagong plataporma gaya ng TikTok sa pagtuturo, ang malaking balakid ay ang "distraksyon ng digital na espasyo" at ang kawalan ng kasanayan ng mga estudyante na gamitin ang mga platapormang ito para sa akademikong layunin. Dahil ang nakasanayan ng mga bata online ay ang mabilis at putol-putol na pagkonsumo ng impormasyon (short-form content), nagiging malaking balakid para sa mga paaralan ang pagpapanatili ng atensyon ng mga bata sa tradisyunal na pagbabasa at pagsulat ng mahahabang tekstong Filipino na nangangailangan ng malalim na pagsusuri.

Tema 5: Mga Estratehiya na Ginagamit ng Guro upang Tugunan ang mga Kinakaharap na Balakid

Upang labanan ang paghina ng kasanayan sa Filipino, gumagawa ng mga hakbang ang mga guro sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad at polisiya sa loob ng silid-aralan. Ang mga sekundaryong katagorya nito ay: Performative at Malikhaing Pagtataya (Performance-Based Activities), Tiyak na Pagpapakilala ng Talasalitaan, at Polisiya sa Maayos na Pagwawasto.

Performative at Malikhaing Pagtataya. Upang mapilitan ang mga mag-aaral na gamitin ang purong Filipino sa isang pormal ngunit masining na paraan, nagpapasagawa ang mga guro ng mga gawaing pampanitikan at pasalitang pagtataya.

Ibinahagi ng isang partisipante:

"Nagpapasagawa ako ng mga gawain tulad ng talumpati, debate, at pagsulat ng sanaysay gamit ang purong Filipino." (P1, Guro)

Dagdag pa ng ibang partisipante:

"Upang mahikayat silang gumamit ng purong Filipino, nagpapasagawa ako ng mga aktibidad tulad ng debate, spoken poetry, at impromptu speech." (P2, Guro)

Tiyak na Pagpapakilala ng Talasalitaan at Polisiya sa Maayos na Pagwawasto. Gumagamit din ang mga guro ng mga tradisyunal ngunit epektibong pamamaraan tulad ng pagbuo ng mga listahan ng salita at kagyat na pagtutuwid sa mga maling paggamit ng wika habang nagtatalakayan.

Ibinahagi ng isang partisipante:



"Nagbibigay rin ako ng listahan ng mga malalalim na salita at hinihikayat silang gamitin ito sa pangungusap at pang-araw-araw na usapan." (P1, Guro)

Dagdag pa ng ibang partisipante:

"...kapag mayroon silang maling nabigkas ay itatama sa maayos na paraan kaagad upang matutunan ng lahat sa klase." (P3, Guro)

Ang kahalagahan ng mga ganitong estratehiya ay binuod sa pagsusuri nina Istifci at Dogan Ucar (2021), sa paggamit ng midya sa pagtuturo ng wika. Ayon sa kanilang pag-aaral, upang mapagtagumpayan ang mga negatibong epekto ng modernong komunikasyon, kinakailangang magpatupad ang mga guro ng nakabalangkas na gabay (pedagogical scaffolding). Ibig sabihin, hindi sapat na ipagbawal ang social media; sa halip, ang mga aktibidad tulad ng malikhaing pagtataya, debate, at sistematikong pagwawasto ay nagsisilbing balanse upang ang mga mag-aaral ay unti-unting mailayo sa impormal na nakagawian online at muling mahatak pabalik sa mataas at pormal na antas ng kasanayan sa wika.

Konklusyon

Ang paghina ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay direktang nakakaapekto sa kalidad ng kanilang pormal na pagsulat, kung saan ang nakasanayang impormal na komunikasyon sa social media ay nagiging sanhi ng kawalan ng pormalidad, pagkasira ng wastong gramatika, at limitadong pagpili ng mga angkop na salitang Filipino. Ang code-switching ay nagsisilbing isang mahalagang dualistikong instrumento sa loob ng silid-aralan; bagamat binabawasan nito ang kalaliman ng purong wika, ito naman ang nagiging pinakamabilis na tulay ng guro sa pagtuturo at ng mag-aaral sa pagkatuto upang mas maging malinaw, mabilis, at relatable ang pagproseso sa mga akademikong leksyon. Ang malawak na impluwensya ng modernong komunikasyon at ang kakulangan ng interes sa pagbabasa ng mga aklat ang pinakamalaking hamon sa pagpapanatili ng mataas na antas ng kasanayan sa wika, ngunit ito ay kayang solusyunan sa pamamagitan ng mga aktibo, performatibo, at malikhaing estratehiya na nagpapilit at nagpapasigla sa mga mag-aaral na gamitin ang wastong Filipino.

Talasanggunian

- Abutalebi, J. & Green, D. (2013). Language controls in Bilinguals. The adaptive control hypothesis. *Journal of Cognitive Psychology*, 25(5), 515-530. <https://doi.org/10.1080/20445911.2013.796377>
- Alama, M. & Francisco, J. (2025). Social Media: Daan o Balakid sa Pagpapalawig ng Bokabularyo. *Asian Journal of Humanities and Social Studies*, 13(3), 199-126
- Aldovino, L. (2024). Ang Pagbabago ng Wikang Filipino sa Panahon ng Social media. <https://tinyurl.com/5n8fnub8>
- Arceo, M. (2013). Paggamit ng Code-switching Sa Pakikipagkomunikasyon ng mga Piling Mag-aaral sa Mary and Jesus School, Inc. Bustos Bulacan. <https://tinyurl.com/3kijwjskw>
- Balilo, J. (2024). Syntactic Analysis in Filipino AFAM hunters Facebook group posts. *Journal of Language and Pragmatics Studies*, 3(1), 45-56. <https://jurnal.ympn2.or.id/index.php/JLPS/article/view/145>
- Belvez, P. (2015). Varieties of Filipino. <http://ncca.gov.ph/submission-on-cultural-disseminationsd/language-translation/varieties-of-filipino>
- Blances, M. (2019). Understanding Language Attrition Monika S. Schmid and Kees de Bot. <https://tinyurl.com/2j4x4xke>
- Bruma, R. & Ibañez, S. (2023). Gamit ng Filipinong Salita sa Social Media: Isang Pagsusuri. *Consortia Academia Publishing*, 14(15), 167-178
- Buenviaje, E. (2015). Ang Tanda ng Mga Salitang Tagalog: Pagninilay sa mga Simbolo ng Pagkakakilanlan. *BAYBAYIN Vol. 1 No. 1*



- Casona, G., Comaling, B., Comaling, S., Mijares, E., Tianga, G. (2026). Exploring the correlation between code-switching and academic performance in language subjects among Filipino students. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 4(2), 960-975. <https://icceph.com/wp-content/uploads/2026/02/CODE-SWITCHING-AND-ACADEMIC-PERFORMANCE.pdf>
- Carambas, J. (2024). One click closer: Harnessing the power of educational TikTok videos to elevate Filipino language proficiency. *Academy of Cognitive and Natural Sciences*, 2(2), 112-125. <https://acnsci.org/journal/index.php/etq/article/view/959>
- Cristina, C. (2015). Understanding Language Attrition. <https://tinyurl.com/4h85pxtf>
- Dequiña, J.M.C. (2025). Exploring Code-switching in Filipino Literature: A Study of Language Use Among Filipino Majors. <https://tinyurl.com/ycxh8p3w>
- Dogon Ucar, A., & Istifci, I. (2021). A review of research on the use of social media in language teaching and learning. *Journal of Educational Technology and Online Learning*, 4(4), 475-488. <https://dergipark.org.tr/en/pub/jetol/article/922968>
- Gamiao, B., & Villanueva, L. (2023). Analysis on code switching manifested by Filipino high school teachers. *Diversitas Journal*, 8(3), 2776-2798. <https://doi.org/10.48017/dj.v8i3.2669>
- Gumperz, J. (2020). *Discourse Strategies*. Cambridge, United Kingdom. Cambridge University Press, 1982
- Jopie, Y. (2024). Teks at Social media. <https://tinyurl.com/43za684r>
- Kopke, B. (2007). Language Attrition at the Crossroads of brain, mind, and society. *Language Attrition: Theoretical perspectives*, 9-38.
- Kunzler, A. (2020). Code-switching in Social media and It Implications for Language Teaching. <https://tinyurl.com/ye3jfyhu>
- Lee, S. (2025). Language Attrition: A Linguistic Perspective. <https://tinyurl.com/8yus28n3>
- Moro, R. & San Juan, D. (2021). Paghina ng Talasalitaang Filipino sa Konteksto ng Modernisasyon at Digitalisasyon: Isang Pagsusuri sa Kakayahang Lingguwistiko ng Mga Mag-aaral. *Sulyap Kultura: Journal of Philippine Language and Culture*, 8(2), 45-62.
- Mrsinzu, M. (2020). Epekto ng Paggamit ng Code-switching sa Pakikipagkomunikasyon ng mga Mag-aaral ng Amaya School of Home Industries sa Baitang Sampu. <https://tinyurl.com/4uka9kmn>
- Okeke, C., Okeke, G. (2017). Language Attrition: The Nkpor Igbo Dialect Situation, *Language Matters*. DOI: 10.1080/10228195.2017.1336640
- Santos, A. B. (2022). Wikang Filipino sa Makabagong Panahon: Isang pagsusuri sa Epekto ng Social Media sa Pag-unlad at Paghina ng Talasalitaan ng mga Kabataan. *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika at Panitikang Filipino*, 7(2), 34-51
- Santos, A. R. (2024). Ang code-switching sa Tiktok at Facebook bilang salik sa lexical attrition ng katutubong wika. *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society*, 21(1), 115–138.